# Kasuklam-suklam, pagkatapos kasuklam-suklam, pagkatapos kasuklam-suklam!" Sinabi: "Sino po, O Sugo ni Allāh?" Nagsabi siya: "Ang sinumang nakaabot sa mga magulang niya sa sandali ng katandaan, sa isa sa kanilang dalawa o sa kapwa nilang dalawa, ngunit hindi siya papasok sa Paraiso."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Kasuklam-suklam, pagkatapos kasuklam-suklam, pagkatapos kasuklam-suklam!" Sinabi: "Sino po, O Sugo ni Allāh?" Nagsabi siya: "Ang sinumang nakaabot sa mga magulang niya sa sandali ng katandaan, sa isa sa kanilang dalawa o sa kapwa nilang dalawa, ngunit hindi siya papasok sa Paraiso."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Dumalangin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagkahamak at pagkapahiya hanggang sa umabot ito sa isang tao, na para bang inilagay ang ilong nito sa alabok. Nag-ulit-ulit siya nito nang tatlong ulit kaya tinanong siya: "Sino po ito, O Sugo ni Allāh, na dumalangin ka ng laban sa kanya?" Nagsabi naman ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nakaabot sa mga magulang niya sa sandali ng katandaan, sa isa sa kanilang dalawa o sa kapwa nilang dalawa, ngunit hindi silang dalawang naging kadahilanan ng pagpasok niya sa Paraiso. Iyon ay dahilan sa kawalan ng paggawa ng maganda sa kanilang dalawa at kasuwailan sa kanilang dalawa.

https://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3718